espasyo sa bawat isang itik. Hindi na kailangan ang mamahaling materyales para sa kulungan ng itik. Ang mga nakikita sa paligid kagaya ng kogon, kawayan o ipil ipil ay puwede nang gamitin. Ang pangitlugan ay kailangang walang matutulis na bagay na maaring makabiyak o makapisa sa itlog.

### Pangingitlog ng itik



Karaniwang nangigitlog ang itik kapag gabi at ang karamihan ay inilalabas sa madaling araw. May mangilan-ngilanang nangingitlog kapag araw. Kailangang kolektahin ang mga itlog sa unang oras sa umaga upang maiwasan ang pag kakabasag ng mga itlog lalo na kapag ang mga itik ay nagtatakbuhan. Iwasang mabasa ang mga itlog, ihiwalay kaagad ang basa, basag at maliliit na itlog. Ang mga ito ay kinukunsiderang reject at may mababang halaga kumpara sa mga tinatawag na good.

### Kita sa pag-aalaga ng itik

Sa isangdaang itik na aalagaan ay maaring kumita ng hanggang P300 bawat araw. Isasaalang-alang bilang gastusin ang mga stocks, feeds at gamot na gagamitin. Hindi kasama ang labor at pabahay dahil ang mga ito ay ikukunsiderang counterpart expenses.



# WE WANT TO HEAR FROM YOU

atiinteractive
TEXT: 09209462474
CALL: (02)9822474


Printed by:
Department of Agriculture
Agricultural Training Institute
Elliptical Road, Diliman, Quezon City, Philippines

Trunkline: +632 9298541 to 49
Fax: +632 9209792
Email: ati_director@ati.gov.ph
info@e-extension.gov.ph



By:
Ronaldo L. Magtoto, M.S.A
Leopoldo F. Reyes, PH.D.




SOURCE:
Republic of the Philippines
Pampanga Agriculture College
Magalang Pampanga, Philippines
2001


DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898

# Pag-aalaga ng Itik





# PAG – AALAGA NG ITIK

Kung ang paggawa ng balut o itlog na maalat ang papasuking negosyo, ang pag aalaga ng itik ay importanteng matutunan. Higit ang lamang ng itik kaysa ibang nangingitlog na hayop dahil ang mga ito ay patuloy na nangingitlog sa buong taon puwera na lang kung sila ay nasa estado ng molting o panlulugon.

Sa mga lugar na may pastulan o galaan, ang sistema ng semi-confinement ay maaring gawin. Dito, hinahayaang gumala at mag hanap ng pagkain ang mga itik. Binibigyan sila ng supplement na feeds, palay, darak, kuhol at ibang pagkain. Sa mga limitadong lugar, ang full-confinement ay nirerekomenda. Karaniwang binibigyan ng duck layer pellets ang mga itik na inaalagaan sa full confinement.



Kung hindi maproseso bilang balut o itlog na maalat ay puwedeng ibenta ng sariwa ang mga itlog sa mga nagbabalut o gumagawa ng itlog na maalat. Alinman sa dalawa, mahalaga na ang kalidad ng itlog ay panatilihin. Dapat malalaki at makapal ang balat ng mga itlog na ibebenta. Ito ay magagawa kung susundin ang mga tamang pamamaraan sa pag aalaga ng mga itik.



**Pagpili ng stock**

Angmgamag-aalagangitikaymaaring magsimula sa sisiw. Inaalagaan ang mga itik hanggang sa kanilang pangingitlog. Ang iba naman ay bumibili na mga ready-to-lay o iyong mga malapit ng mangitlog (dumalaga) na itik. Kahit na sisiw o dumalaga, importanteng tandaan na ang lahi o klase ng itik na pipiliin ay iyong pangkaraniwang nakikita sa lokalidad dahil ang mga ito ay napatunayan na at sanay na sa paligid. Madali ring makakuha ng impormasyon sa tamang pag-aalaga ng mga ito. Piliin ang mga aktibo, alerto at walang sakit o kapansanang mga itik.

Ang babaeng itik ay pangkaraniwang mas maliit kaysa sa lalaking itik. Sa panahon ng kanilang pangingitlog ay maaring magbigay ng hanggang 90% laying efficiency sa bawat araw. Ang mga lalaki bukod sa mas malalaki ay may tila pabaluktot na balahibo sa puwitan nito. Kaya ng isang lalaking itik ang sampung babaeng itik upang makasiguro na fertile o puwedeng gawing balut ang mga itlog.

**Pagpapakain ng itik**

Napatunayan sa isang pag-aaral sa PAC na ang itik ay dapat pakainin ng walang limit (full feeding). Ang limitadong pagpapakain ay may resulta sa kakaunti at maliit na itlog. Humigit kumulang sa 130 gramo ng feeds ang mauubos ng nangingitlog at barakong itik. Maaring magdagdag ng durog na suso o kuhol sa pagkain.



Bukod sa pagkain, importanteng may tubig na maiinom ang mga itik anumang oras nila gustuhin.

Ang komersyal na binebentang duck layers pellets ay nagtataglay ng sapat na sustansya para sa episyenteng pangingitlog.

Upang maiwasan ang pagkasayang ng pagkain dahil sa pagkatapon, bigyan lamang ng sapat at kayang ubusin. Ang mga feeder din ay dapat may labi o bunganga na maaring makapigil sa pagkakatapon ng pagkain.

**Kulungan ng itik**

Mahalagang tandaan na ang itik ay kailangang may komportable at malinis na kulungan at pangitlugan. Kasama rito ang pagkakainan (feeder) at pag inuman (waterer). Sapat na ang 0.45m2 na

